



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA - 11 REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDOO NA GINANAP NOONG 31 MARSO 2006, IKA-11 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis - Tagapangulo
Konsehal Agustin L. Cusi
Konsehal Cesar T. Baticos
Konsehal Jocelyn G. Solabo
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Bernabe S. Mortel
Konsehal Edren Y. Faderon
Konsehal Napolcon M. Dimapilis
Konsehal Larry V. Salazar - Pangulo, Liga ng mga Barangay

Hindi Nakadalo:

Konsehal Hernan C. Erorita
Konsehal Mary Jamaica Jeigh Q. Sarmiento - Pangulo, MSKF

KAPASYAHAN BLG. 022
Taong 2009

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMIATI SA MGA NAULILA NI KAGAWAD FONTIVILLAR F. CANDELARIO NG BARANGAY SAN RAFAEL, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKAT, si Kgg. Fontivillar F. Candelario ay tunay na simbolo ng isang masipag at matapat na lingkod bayan,

SAPAGKAT, sa kanyang paglilingkod bilang kagawad ng barangay pinagsikapan niyang matugunan sa abot ng kanyang kakayahan ang mga tungkulin na sa kanya ay iniatang bilang Kagawad ng Sangguniang Barangay ng San Rafael, Roxas, Silangang Mindoro;

SAPAGKAT, sa pagganap sa kanyang tungkulin ipinamalas niya ang dedikasyon at pagpapahalaga sa mga responsibilidad na sa kanya ay itinalaga upang lubos na mapabuti ang kalagayan ng kanyang mga kabarangay at lokal na pamahalaan na kanyang kinabibilangan;

SAPAGKAT, sa panahong inilagi niya sa daigdig, ipinakita niya ang paglalikap na maging responsableng ama ng pamilya;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayang ng Roxas, Silangang Mindoro sampu ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ay lubos na nakikiramay at nakikidalamhati sa mga naulila ni Kgg. Fontivillar F. Candelario, Kagawad ng Sangguniang Barangay ng San Rafael ng bayang ito

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Larry V. Salazar na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa pamilya ng pumanaw na Fontivillar F. Candelario, Kagawad ng Sangguniang Barangay ng Barangay San Rafael, Roxas, Silangang Mindoro ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at kawani ng Pamahalaang Bayan ng bayang ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa pamilya ng yumaong Kagawad Fontivillar F. Candelario lakip ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.

PINAGTIBAY : 31 Marso 2009

PINATUTUNAYANG WASTO:



FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:



VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo